ARALIN 15

1. Sino lamang ang nagbibigay buhay sa lahat ng tao?
-Ang Diyos.

2. Saan ipinanganak sina Cain at Abel?
-Sa labas ng Hardin ng Eden.

3. Bakit isinilang sina Cain at Abel sa labas ng Hardin ng Eden?
-Dahil ang kanilang ama, si Adan, at ang kanilang ina, si Eba, ay nagkasala at sumuway sa Diyos.

4. Dahil pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba palabas ng Hardin ng Eden, saan ipinanganak ang lahat ng tao?
-Sa labas ng Hardin ng Eden.

5. Bakit tinanggap ng Diyos si Abel at ang kanyang alay?
-Dahil si Abel ay sumunod sa Diyos.
-Dahil si Abel ay nagdala ng isang tupa bilang alay sa Diyos.
-Dahil si Abel ay lumapit sa Diyos ayon lamang sa paraan ng Diyos.

6. Ano ang alam ni Abel tungkol sa kanyang sarili?
-Alam ni Abel na siya ay ipinanganak sa kasalanan.
-Alam ni Abel na ang kanyang kasalanan ay dapat parusahan ng kamatayan.

7. Ano ang Alam ni Abel tungkol sa Diyos?
-Alam ni Abel na ang Diyos ay banal.
-Alam ni Abel na pinaparusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.



-Alam ni Abel na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.
-Nagtiwala din si Abel na ipadadala ng Diyos Tagapagligtas upang iligtas siya mula sa kanyang mga kasalanan.

8. Bakit tinanggihan ng Diyos si Cain at ang kanyang alay?
-Dahil sinuway ni Cain ang Diyos.
-Dahil si Cain ay hindi nagdala ng tupa bilang alay sa Diyos.

-Dahil sinubukan ni Cain na pumunta sa Diyos sa sarilang paraan at hindi sa paraan ng Diyos.

9. Ano ang naisip ni Cain tungkol sa kanyang sarili?
-Hindi inisip ni Cain na siya ay isinilang sa kasalanan.
-Hindi inisip ni Cain na ang kanyang kasalanan ay dapat parusahan ng kamatayan.

10. Ano ang naisip ni Cain tungkol sa Diyos?
-Hindi inisip ni Cain na ang Diyos ay banal.
-Hindi inisip ni Cain na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.
-Hindi inisip ni Cain na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.
-Hindi rin inisip ni Cain na kailangan niya ng Tagapagligtas para iligtas siya sa kanyang mga kasalanan.

11. Matapos na hindi tanggapin ng Diyos ang alay ni Cain, bakit nakipag-usap ang Diyos kay Cain?
-Dahil mahal ng Diyos si Cain.
-Dahil gusto ng Diyos na ipagtapat ni Cain ang kanyang kasalanan.

12. Nakinig ba si Cain sa Diyos?
-Hindi.

13. Kanino nakinig si Cain?
-Nakinig si Cain kay Satanas.

14. Ano ang ginawa ni Cain?
-Nagalit si Cain, at pinatay ang kanyang kapatid na si Abel.

15. Nakita ba ng Diyos ang ginawa ni Cain?
-Oo.
-Nakikita ng Diyos ang lahat at alam niya ang lahat.

16. Pinarusahan ba ng Diyos ang kasalanan ni Cain?
-Oo.
-Pinaparusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.
-Walang kahit isang kasalanan na hindi pinarurusahan ng Diyos.

-Basahin natin ang ginawa ni Cain pagkatapos siyang paalisin ng Diyos:

Basahin natin ang Genesis 4:16-19 & 23

16-At umalis si Cain sa harapan ng Panginoon at nanirahan sa lupain ng Nod, sa silangan ng Eden.
17-Sumiping si Cain sa kanyang asawa, at siya'y naglihi at ipinanganak si Enoc. Siya'y nagtayo ng isang lunsod at tinawag ang lunsod ayon sa pangalan ng kanyang anak na si Enoc.
18-Naging anak ni Enoc si Irad; at naging anak ni Irad si Mehujael; At naging anak ni Mehujael si Metusael; at naging anak ni Metusael si Lamec.
19-At si Lamec ay nag-asawa ng dalawa; Ang pangalan ng isa'y Ada, at ang pangalan ng ikalawa ay Zilla.



23-At sinabi ni Lamec sa kanyang mga asawa, “Ada at Zilla, pakinggan ninyo ang aking tinig. Kayong mga asawa ni Lamec ay makinig sa aking mga salita. Pumatay ako ng isang tao, dahil sa pagsugat sa akin, at ng isang binata, dahil sa ako'y sinaktan.”

-Si Cain ay tumangging making sa Diyos.
-Si Cain ay nakinig lamang kay Satanas.

-Ang mga kaapu-apuhan ni Cain ay sinundan ang kaniyang mga ginawa.

-Ang mga kaapu-apuhan ni Cain tumanggi ring making sa Diyos.

-Ang mga kaapu-apuhan ni Cain ay nakikinig lamang kay Satanas.

-Ang mga kaapu-apuhan ni Cain ay tumanggi ring sumunod sa kaparaanan ng Diyos.

-Ang mga kaapu-apuhan ni Cain ay sinunod lamang ang kanilang mga sariling kaparaanan.

-Tulad ng pagpatay ni Cain sa kanyang kapatid, na si Abel, isa sa mga inapo ni Cain, si Lamech, ay pumatay rin ng isang lalaki.

-Dahil tumanggi si Cain na makinig sa Diyos, sinunod ng mga inapo ni Cain ang kaniyang mga halimbawa, at tumanggi ring makinig sa Diyos.

-Mahalaga para sa ating lahat na makinig sa Diyos.

-Kung hindi tayo makikinig sa Diyos, susundin din ng ating mga anak ang ating halimbawa, at tatangging makinig sa Diyos.

-Si Cain at ang kanyang mga inapo ay hindi nabuhay para sa Diyos.

-Para saan nabuhay si Cain at ang kanyang mga inapo?
-Nabuhay lamang sila para sa kasiyahan, pera at materyal na ari-arian.

-Hindi tayo dapat mabuhay para sa pera at materyal na ari-arian.
-Hindi tayo ililigtas ng pera at materyal na ari-arian.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin.
-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ni Satanas.

-Dahil pinatay ni Cain si Abel, binigyan ng Diyos sina Adan at Eba ng isa pang anak.

-Pinangalanan siya nina Adan at Eba na Set.

Basahin natin ang Genesis 4:25

25-Muling nakilala ni Adan ang kanyang asawa at siya'y nanganak ng isang lalaki, at tinawag ang kanyang pangalan na Set; Sapagkat kanyang sinabi, "Binigyan ako ng Diyos ng ibang anak na kahalili ni Abel, sapagkat siya'y pinatay ni Cain."

-Naaalala mo ba na matapos magkasala sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden, nangako ang Diyos na ipadadala ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula kay Satanas?



-Plano ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ni Abel dahil naniwala si Abel sa Diyos.

-Ngunit hinikayat ni Satanas si Cain na patayin si Abel.

-Hinihikayat ni Satanas si Cain na patayin si Abel dahil ayaw niyang ipadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula kay Satanas.

-Dahil pinatay ni Cain si Abel, napigilan ba ni Satanas ang Diyos na gawin ang ipinasiya ng Diyos na gawin?
-Hindi.

-Walang makapipigil sa Diyos na gawin ang Kanyang ipinasiyang gawin.

-Dahil pinatay ni Cain si Abel, nakalimutan ba ng Diyos ang Kanyang pangako na ipadadala ang Tagapagligtas?

-Hindi.

-Hindi nakakalimutan ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

-Bakit binigyan ng Diyos sina Adan at Eba ng isa pang anak na lalaki na tinawag na Set?

-Dahil pinatay ni Cain si Abel, nagpasya ang Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ni Set.

-Palaging tatapusin ng Diyos ang gawaing sinimulan Niya.

-Walang makapipigil sa Diyos.

-Kahit si Satanas ay hindi kayang pigilan ang Diyos.

-Lumaki si Set at nagpakasal.
-Ang asawa ni Set ay nagsilang ng isang anak na lalaki.

-Tinawag ni Set ang kanyang anak na Enos.

Basahin natin ang Genesis 4:26

26-Nagkaanak din si Set ng isang lalaki, at tinawag ang kanyang pangalan na Enos. Nang panahong iyon ang mga tao ay nagsimulang tumawag sa pangalan ng Panginoon.

-Sinabi sa atin ng Diyos sa Kanyang Bibliya na nang ang isang bata ay ipinanganak kay Seth, ang pamilya ni Seth ay nagsimulang tumawag sa Diyos at naniniwala sa Kanya.

-Ang bawat tumatawag sa Diyos at lalapit sa Diyos sa kaparaanan ng Diyos, tatanggapin sila ng Diyos.

-Lahing itim o lahing puti, mayaman o mahirap, bata o matanda, lalaki o babae.

-Sinuman ang tumawag sa Diyos at lalapit sa Diyos sa kaparaanan ng Diyos, tatanggapin sila ng Diyos.

-Kahit na si Set at ang kanyang pamilya ay naniniwala sa Diyos, marami pang ibang tao ang hindi naniniwala sa Diyos.

-Pagkalipas ng maraming taon, namatay si Adan.

Basahin natin ang Genesis 5:4-5



4-Ang mga naging araw ni Adan pagkatapos na maipanganak si Set ay walong daang taon; at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae.
5-Ang lahat ng mga araw ng naging buhay ni Adan ay siyamnaraan at tatlumpung taon at siya'y namatay.

-Bakit namatay si Adan?
-Dahil si Adan ay sumuway sa Diyos, at nakinig kay Satanas.
-Namatay din si Eba.

-Bakit namatay si Eba?
-Dahil si Eba ay sumuway din sa Diyos, at nakinig kay Satanas.

-Sa simula, walang kamatayan sa mundo.

-Hindi nais ng Diyos na mamatay sina Adan at Eba.
-Hindi nais ng Diyos na may mamatay.

-Bakit lahat ng tao ay namamatay?
-Dahil sa ating kasalanan.

-Ano ang kaparusahan ng Diyos para sa kasalanan?
-Kamatayan.

-Sinabi sa atin ngayon ng Diyos sa Kanyang Bibliya ang isang kuwento tungkol sa isang apo ni Set na tinatawag na Enoc.

Basahin natin ang Genesis 5:22-23

22-Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem ng tatlong daang taon, at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae.

23-At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at animnapu't limang taon.

-Bagaman si Enoc ay ipinanganak din na makasalanan, si Enoc ay naniwala sa Diyos at sumunod sa Diyos.

-Ano ang alam ni Enoc tungkol sa kanyang sarili?

-Alam ni Enoc na siya ay ipinanganak na anak nina Adan at Eva.
-Alam ni Enoc na siya ay isinilang sa labas ng Hardin ng Eden.

-Alam ni Enoc na siya ay isinilang sa kasalanan.
-Alam ni Enoc na siya ay isinilang sa kamatayan.

-Ano ang alam ni Enoc tungkol sa Diyos?
-Alam ni Enoc na ang Diyos ay banal.

-Alam ni Enoc na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Alam ni Enoc na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.

-Naniniwala si Enoc na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula kay Satanas.

-Sinabi din ni Enoc sa ibang tao na maniwala sa Diyos.

-Ngunit karamihan sa mga tao ay tumanggi na makinig kay Enoc.

-Karamihan sa mga tao ay tumangging maniwala sa Diyos.
-Isang araw, may kakaibang nangyari kay Enoc.



Basahin natin ang Genesis 5:24

24-Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; At hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

-Anong kakaibang nangyari kay Enoc?

-Kinuha ng Diyos si Enoc tungo sa langit upang makasama ang Diyos.
-Ano ang langit?
-Ang langit ay isang magandang lugar kung saan walang kalungkutan o pagluha.

-Ang langit ay isang magandang lugar kung saan walang sakit o kamatayan.

-Ang langit ay kung saan nakatira ang Diyos at ang Kanyang mga anghel.

-Marami na ba sa inyo ang nakapunta na sa Amerika?
-Hindi pa nakapunta ng Amerika.

-Kahit na marami sa inyo ang hindi pa nakakapunta sa Amerika, nandiyan pa rin ang Amerika.

-Kahit na wala ni isa sa atin ang nakarating sa langit, nandiyan pa rin ang langit.

-Nasaan ang langit?
-Ang langit ay mas malayo pa kaysa araw, buwan, at mga bituin.

-Bakit dinala ng Diyos si Enoc sa langit?

-Wala bang kasalanan si Enoc?
-Oo, si Enoc ay may kasalanan.

-Si Enoc ay kaaupu-apuhan nina Adan at Eba, tulad ng lahat ng tao.

-Si Enoc ay isinilang sa kasalanan, tulad ng lahat ng tao.

-Bakit dinala ng Diyos si Enoc sa langit?
-Dahil si Enoc ay sumunod sa Diyos.

-Dahil si Enoc ay lumapit sa Diyos sa daan ng Diyos nang nag-iisa.

-Dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao, ang Diyos ang may-ari ng lahat ng tao.

-Dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao, magagawa ng Diyos ang anumang naisin Niya sa lahat ng tao.

-Dahil nilikha ng Diyos si Enoc, at sinunod ni Enoc ang Diyos, dinala ng Diyos si Enoc sa langit.

-Hindi namatay si Enoc.

-Bago mamatay si Enoc, kinuha na siya ng Diyos patungo sa langit.

-Si Enoc lamang ang hindi namatay at dinala siya ng Diyos sa langit.
-Ang pangalan ng anak ni Enoc ay Methuselah.



Basahin natin ang Genesis 5:25-27

25-Nabuhay si Matusalem ng isandaan at walumpu't pitong taon at naging anak niya si Lamec.
26-Nabuhay si Matusalem pagkatapos na maipanganak si Lamec ng pitong daan at walumpu't dalawang taon at nagkaanak pa ng mga lalaki at mga babae.
27-Ang lahat na naging araw ni Matusalem ay siyamnaraan at animnapu't siyam na taon at siya'y namatay.

-Ang anak ni Enoc na si Matusalem ay nabuhay nang mas mahaba kaysa sinuman sa mundo.

-Nabuhay si Methuselah hanggang 969 taong gulang.

Basahin natin ang Genesis 5:28-29 & 32

28-Nabuhay si Lamec ng isandaan at walumpu't dalawang taon at nagkaanak ng isang lalaki.
29-Tinawag niya ang kanyang pangalan na Noe, na sinabi, “Ito ang magbibigay sa atin ng ginhawa mula sa ating gawa at sa pagpapagod ng ating mga kamay, dahil sa lupang sinumpa ng Panginoon.”
32-Nang si Noe ay may limang daang taon, naging anak niya sina Sem, Ham, at Jafet.

-Ang pangalan ng apo ni Matusalem ay si Noe.

-Matututuhan natin ang tungkol kay Noe at ang kanyang mga anak sa susunod na aralin.